

Providence Hospital

Patient Financial Assistance

NUMERO:	9.09
DEPARTAMENTO:	Finance
PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA:	Agosto 19, 2004
HULING BINAGO NOONG:	Setyembre 15, 2017
SUSUNOD NA TAKDANG PETSA:	Hunyo 30, 2020
NALALAPAT SA:	Providence Hospital at Providence Health System

PATAKARAN/MGA PRINSIPYO

Patakaran ng Providence Hospital (ang “Organisasyon”) na magsiguro ng kasanayang patas sa lahat para sa pagbibigay ng pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga pasilidad ng Organisasyon. Ang patakarang ito ay partikular na binuo para tugunan ang pagiging kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal para sa mga pasyenteng nangangailangan ng tulong pinansyal at nakatatanggap ng pangangalaga mula sa Organisasyon.

1. Ang lahat ng tulong pinansyal ay sumasalamin sa aming panata at pagpapahalaga sa dignidad ng tao at sa ikabubuti ng lahat, sa aming espesyal na pagpapahalaga at pakikiisa sa mga taong maralita at iba pang taong maaaring apektado, at sa aming panata sa patas na hustisya at pamamahala sa mga mapagkukunan.
2. Nalalapat ang patakarang ito sa lahat ng pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay ng Organisasyon, kabilang ang mga serbisyo ng pinatatabahong doktor at kalusugan ng pag-iisip na may kaugnayan sa pag-uugali. Hindi nalalapat ang patakarang ito sa mga kasunduan sa pagbabayad para sa mga pamamaraang hindi agarang kinakailangan o iba pang pangangalaga na hindi pang-emergency o hindi medikal na kinakailangan.
3. Makikita sa Listahan ng Mga Provider na Sinasaklaw ng Patakarang sa Tulong Pinansyal (List of Providers Covered by the Financial Assistance Policy), gamit ang format na katulad sa nakalalapat sa Exhibit A, ang isang listahan ng sinumang provider na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasilidad ng Organisasyon na tumutukoy sa kung alin ang sinasaklaw o hindi sinasaklaw ng patakarang sa tulong pinansyal.

MGA KAHULUGAN

Para sa mga layunin ng Patakarang ito, nalalapat ang mga sumusunod na kahulugan:

- Ang “501(r)” ay tumutukoy sa Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at sa mga tuntuning nakasaad doon.
- Ang “Amount Generally Billed” o “AGB” (Halaga na Karaniwang Sinisingil) ay tumutukoy sa, ayon sa pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may proteksyon ng insurance sa naturang pangangalaga.
- Ang “Komunidad” ay tumutukoy sa mga residente ng Maryland, Virginia, at mga hangganan ng lungsod ng Washington, DC.

Providence Hospital

Patient Financial Assistance

- Ang “Pang-emergency na Pangangalaga” ay nangangahulugan na nangangailangan ang pasyente ng agarang medikal na tulong dahil sa malala, nakamamatay, o posibleng nakalulumpong kondisyon. Karaniwang tinitingnan at/o ina-admit ang pasyente sa emergency room.
- Ang “Medikal na Kinakailangang Pangangalaga” ay tumutukoy sa pangangalagang natukoy na medikal na kinakailangan pagkatapos na matukoy na kwalipikado ng isang lisensyadong provider. Kung sakaling matukoy ng nagsusuring doktor na hindi medikal na kinakailangan ang pangangalagang hiniling ng Pasyente na sinasaklaw ng patakarang ito, dapat din na kumpirmahin ng nag-a-admit o nag-refer na doktor ang pagtukoy na iyon.
- Ang “Organisasyon” ay tumutukoy sa Providence Hospital, Washington, DC.
- Ang “Pasyente” ay tumutukoy sa mga taong nakatatanggap ng pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga sa Organisasyon at sa taong may pananagutan sa pagbabayad para sa pangangalaga ng pasyente.

Ibinibigay na Tulong Pinansyal

1. Ang mga pasyenteng may kitang mas mababa sa 250% ng Federal Poverty Level (“FPL”) o katumbas nito ay magiging kwalipikadong makatanggap ng 100% pagkansela (write off) para sa pangangalagang pang-kawanggawa sa bahagi ng mga sinisingil para sa mga serbisyong babayaran ng Pasyente pagkatapos bayaran ng isang insurer, kung mayroon man.
2. Bilang minimum, ang mga Pasyente na may kitang mas mataas sa 250% ng FPL ngunit hindi hihigit sa 400% ng FPL ay makatanggap ng diskuwento batay sa sukatan ng buwis (sliding scale discount) sa bahagi ng mga sinisingil para sa mga ibinigay na serbisyo na babayaran ng Pasyente pagkatapos bayaran ng isang insurer, kung mayroon man. Ang isang Pasyente na kwalipikadong makakuha ng diskuwento sa sukatan ng buwis ay hindi sisingilin nang higit sa mga nakalkulang bayarin na AGB. Ang diskuwento sa sukatan ng buwis ay ang mga sumusunod:

Mga Pamatnubay

Diskuwento	100%	90%	80%	70%
FLP	<250%	300%	350%	400%

3. Ang mga Pasyenteng may napatunayang pangangailangang pinansyal na may kitang mas mataas sa 400% ng FPL ay maaaring maging kwalipikadong maisaalang-alang sa ilalim ng “Pagsusuri sa Kakayahang Magbayad (Means Test)” para makakuha ng kaunting diskuwento sa mga sinisingil sa kanila para sa mga serbisyong mula sa Organisasyon batay sa isang aktuwal na pagtatasa sa kakayahan nilang magbayad. Isasaalang-alang ng Providence Hospital ang Medical Indigence para sa mga aplikanteng lalampas sa 400% ng FPL. Kapag lumampas ang kabuuan ng natitirang medikal na utang sa kabuuang kinikita ng pamilya sa loob ng nakalipas na taon, magiging kwalipikadong makatanggap ang pasyente ng tulong pinansyal na hindi lalampas sa 95% pagkansela. Ang Pasyenteng kwalipikadong makakuha ng diskuwento sa ilalim ng “Pagsusuri sa Kakayahang Magbayad” ay hindi sisingilin nang higit sa nakalkulang sinisingil na AGB.

Providence Hospital

Patient Financial Assistance

4. Para sa isang Pasyenteng lumalahok sa ilang partikular na plano sa insurance kung saan itinuturing ang Organisasyon na “wala sa network,” maaaring bawasan o tanggihan ng Organisasyon ang tulong pinansyal na makukuha dapat ng Pasyente batay sa pagsusuri sa impormasyon ng insurance ng Pasyente at iba pang nauugnay na katotohanan at sitwasyon.
5. Ang mga Pasyenteng kwalipikadong makakuha ng 100% pangangalagang pangkawanggawa ay maaaring singilin ng maliit na flat fee na hanggang \$20.00 sa bawat serbisyong matatanggap mula sa Providence Hospital at/o Providence Health Services.
6. Maaaring matukoy ang pagiging kwalipikado na makatanggap ng tulong pinansyal sa anumang punto ng cycle ng kinikita at maaaring kasama rito ang paggamit ng ipinagpapalagay na puntos upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa kabila ng hindi pagsagot ng aplikante sa isang aplikasyon para sa tulong pinansyal (“Aplikasyon sa FAP”).
7. Ang pagiging kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal ay dapat na matukoy para sa anumang balanse na sagot ng pasyenteng may pangangailangang pinansyal.
8. Ang proseso ng pag-apela ng mga Pasyente at mga pamilya sa mga pasya ng isang Organisasyon tungkol sa pagiging kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal ay ganito:
 - a. Maaaring mag-apela ang mga Pasyente/Guarantor para sa pagtukoy ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng dagdag na impormasyon gaya ng pagberipika sa kinikita ng sambahayan o paliwanag sa mga sitwasyong nagpapagaan sa pagkakasala (extenuating circumstances) sa Financial Counseling Department.
 - b. Ang lahat ng apela ay isasaalang-alang ng 100% pangangalagang pangkawanggawa ng Providence Hospital at ng komite sa mga apela sa tulong pinansyal, at ipapadala sa pasyente o sa pamilyang naghain ng apela ang mga nasusulat na pasya ng komite.

Iba Pang Tulong para sa Mga Pasventeng Hindi Kwalipikado para sa Tulong Pinansyal

Ang mga Pasyenteng hindi kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal, gaya ng inilalarawan sa itaas, ay maaari pa ring maging kwalipikado para sa iba pang uri ng tulong na inaalok ng Organisasyon. Para sa pagiging kumpleto, ang iba pang mga uri ng tulong na ito ay nakalista rito, gayunpaman, hindi batay sa pangangailangan ang mga ito at hindi nilalayong mapailalim sa 501(r) ngunit isinama rito para gamiting sanggunian ng komunidad na pinaglilingukuran ng Providence Hospital:

1. Ang mga Pasyenteng walang insurance na hindi kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal ay bibigyan ng diskuwento batay sa diskuwentong ibibigay sa may pinakamalaking binabayaran para sa Organisasyong iyon. Dapat sagutin ng may pinakamalaking binabayaran ang hindi bababa sa 3% ng populasyon ng Organisasyon na sinusukat ayon sa laki ng populasyon o kabuuang kita mula sa pasyente. Kung hindi sasagutin ng isang nagbabayad ang pinakamababang antas ng laki ng populasyon na ito, dapat kunin ang average ng mahigit isang kontrata ng nagbabayad nang sa gayon ay sasagutin ng mga termino sa pagbabayad na ginagamit para sa pagkuha ng average ang kahit 3% ng laki ng populasyon ng negosyo ng Organisasyon para sa taong iyon.

Providence Hospital

Patient Financial Assistance

2. Diskuwento para sa Pasyenteng Walang Insurance: Ang halaga ng diskuwento na ilalapat sa mga Retail (gross) na Sinisingil na naipon ng mga Pasyenteng Walang Insurance o 65% para sa mga serbisyong ibinigay.

Mga Limitasyon sa Mga Sinisingil para sa Mga Pasyenteng Kwalipikadong Makatanggap ng Tulong Pinansyal

Ang mga Pasyenteng kwalipikadong makatanggap ng Tulong Pinansyal ay hindi hiwalay na sisingilin nang higit sa AGB para sa pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga at hindi higit sa mga kabuuang bayarin para sa lahat ng iba pang medikal na pangangalaga. Kinakalkula ng Organisasyon ang isa o higit pang porsyento ng AGB gamit ang “look-back” na paraan at kasama ang Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong health insurer na nagbabayad ng mga claim sa Organisasyon, alinsunod sa 501(r). Maaaring makakuha ng libreng kopya ng paglalarawan at (mga) porsyento ng pagkalkula ng AGB sa pamamagitan ng pagsulat sa Financial Counseling Department (Exhibit B).

Pag-apply para sa Tulong Pinansyal at Iba Pang Tulong

Ang isang Pasyente ay maaaring maging kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansyal sa pamamagitan ng kwalipikasyon ayon sa ipinagpapalagay na puntos (presumptive scoring eligibility) o kaya ay pag-apply para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng pagsusumite ng sinagutang Aplikasyon sa FAP. Maaaring hindi bigyan ang Pasyente ng tulong pinansyal kung magbibigay ang Pasyente ng hindi totoong impormasyon sa isang Aplikasyon sa FAP o kaugnay ng proseso sa kwalipikasyon ayon sa ipinagpapalagay na puntos. Makakakuha ng Aplikasyon sa FAP at Mga Tagubilin sa Aplikasyon sa FAP. Tingnan ang nasa ibaba para sa mga partikular na tagubilin:

Providence Hospital:

Mahamanap ang Aplikasyon sa FAP at Mga Tagubilin sa Aplikasyon sa FAP:

- Sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.provhosp.org/patients-guests>
- Sa pamamagitan ng pagsulat sa Providence Hospital, ATTN: Financial Counseling & Eligibility Services (Ground Flr), 1150 Varnum St., NE, Washington, DC 20017
- Direct contact sa Financial Counseling Office sa (202) 854-4081.
- Pagbisita sa Financial Counseling Office sa Providence Hospital.

Dapat isumite ang mga sinagutang aplikasyon sa Financial Counseling Office.

Providence Health Services:

- Paghiling mula sa tanggapan ng doktor mo
- Sa pamamagitan ng pagliham sa NRSC Financial Assistance Representative, 10330 N. Meridian Street, 2N PFS, Indianapolis, Indiana 46290
- Direct contact sa isang NRSC Financial Assistance Representative sa numerong 800-566-5050

Providence Hospital

Patient Financial Assistance

Paniningil at Pangongolekta

Ang mga hakbang na maaaring gawin ng Organisasyon kung sakaling hindi magbayad ay inilalarawan sa isang hiwalay na patakaran sa paniningil at pangongolekta. Maaaring makakuha ng libreng kopya ng patakaran sa paniningil at pangongolekta sa Financial Counseling Office.

Pagpapakahulugan

Layunin ng patakarang ito na sumunod sa 501(r), maliban kung saan partikular na nakasaad. Ang patakarang ito, kasama ng lahat ng naaangkop na pamamaraan, ay dapat na ipakahulugan at gamitin alinsunod sa 501(r) maliban kung saan partikular na nakasaad.